



ROANOKE COUNTY PUBLIC SCHOOLS

Department of Instruction

5937 Cove Rd. Roanoke, VA 24019 ♦ (540) 562-3900



Mike Riley
Executive Director of Secondary Instruction
Ext. 10131 mriley@rcps.us

Kim Bradshaw
Executive Director of Elementary Instruction
Ext. 10132 kbradshaw@rcps.us

Agosto 13, 2026

Mahal na Magulang,

Noong Disyembre 10, 2015, nilagdaan bilang batas ang *Every Student Succeeds Act* (ESSA). Nakasaad sa Seksyon 1112(e)(1)(A) na bilang magulang ng isang mag-aaral sa paaralang tumatanggap ng pondo ng Title I, may karapatan kayong malaman ang mga propesyonal na kwalipikasyon ng mga guro sa silid-aralan na nagtuturo sa inyong anak. Inaatasan ng pederal na batas ang dibisyon ng paaralan na ibigay sa inyo ang impormasyong ito sa napapanahong paraan kung hihilingin ninyo. Partikular, may karapatan kayong hilingin ang sumusunod na impormasyon tungkol sa bawat guro ng inyong anak:

- Kung natugunan ng guro ang mga pamantayan ng estado para sa kwalipikasyon at paglilisensya para sa mga baitang at asignaturang kanyang itinuturo.
- Kung ang guro ay nagtuturo sa ilalim ng emergency o iba pang pansamantalang katayuan dahil sa mga espesyal na kalagayan.
- Kung ang guro ay nagtuturo sa larangan ng disiplina na naaayon sa sertipikasyon o digring kanyang natanggap.
- Kung may mga paraprofessional na nagbibigay ng serbisyo sa inyong anak at, kung mayroon, ang kanilang mga kwalipikasyon.

Bukod sa mga karapatang may kaugnayan sa impormasyon tungkol sa guro, inaatasan din ng Seksyon 1112(e)(2) ng *Every Student Succeeds Act of 2015* (ESSA) ang mga dibisyon ng paaralan na ipaalam sa mga magulang ng mga mag-aaral sa mga paaralang Title I na may karapatan silang malaman ang mga patakaran ng estado o dibisyon tungkol sa paglahok ng mag-aaral sa anumang pagsusulit na inaatas ng ESSA, kabilang ang anumang patakaran, pamamaraan, o karapatan ng magulang na hindi pasalihin ang mga mag-aaral sa naturang mga pagsusulit. Walang opt-out program ang Virginia, ngunit kung nais ninyong makatanggap ng impormasyon tungkol sa pagtanggap sa SOL test, mangyaring makipag-ugnayan kay Ben Williams, RCPS Director of Assessment, sa telepono sa 562-3900 x10257, o sa e-mail na bewilliams@rcps.us.

Ang mga magulang na interesadong malaman pa ang tungkol sa tagumpay ng mga mag-aaral sa paaralan ay maaaring bumisita sa bagong Virginia Department of Education School Quality Profile site. Matatagpuan ito online sa <http://schoolquality.virginia.gov/>.

Kung nais ninyong makatanggap ng alinman sa impormasyong ito, kabilang ang naka-print na kopya ng School Quality Profile, mangyaring makipag-ugnayan sa punong-guro ng inyong anak.

Lubos na gumagalang,

Kimberly Bradshaw
Executive Director of Elementary Instruction